

## ABISO NG HINDI PANDIDISKRIMINA

---

Labag sa batas ang pandidiskrimina. Sumusunod ang Behavioral Health Services sa County ng San Diego (Ang Plano) sa mga Pederal na batas sa mga karapatang sibil. Ang Plano ay hindi nandidiskrimina, nagbabalewala ng mga tao, o nagbibigay ng ibang pagtrato nang dahil sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian.

Nagbibigay ang Plano ng:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan upang matulungan silang makipag-ugnayan nang mas maayos, gaya ng:
  - Mga kwalipikadong interpreter ng wikang pasenyas
  - Nakasulat na impormasyon na nasa iba pang format (malaking print, audio, naa-access na electronic na format, iba pang format)
- Mga libreng serbisyo sa wika para sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, gaya ng:
  - Mga kwalipikadong interpreter
  - Impormasyong nakasulat sa iba pang wika

Kung kailangan ninyo ng mga ganitong serbisyo, makipag-ugnayan sa Access & Crisis Line (ACL) 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-724-7240. O kaya, kung hindi kayo makarinig o makapagsalita nang maayos, pakitawagan ang 711.

## **PAANO MAGHAIN NG KARAIANGAN**

Kung sa palagay ninyo ay hindi naibigay ng Plano ang mga serbisyong ito o nandiskrimina ang Plano sa iba pang paraan batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian, maaari kayong maghain ng karaingan sa Plan. Maaari kayong maghain ng karaingan sa pamamagitan ng telepono, sulat, personal na paghahain, o sa electronic na paraan:

**SA PAMAMAGITAN NG TELEPONO:** Makipag-ugnayan sa isa sa mga ahensya ng tagapagsulong sa ibaba. O kaya, kung hindi ka makarinig o makapagsalita nang maayos, pakitawagan ang 711.

Para sa mga serbisyo sa <b>OUTPATIENT</b> , tumawag sa Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA)  1-877-734-3258 9:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.	Para sa mga serbisyo sa <b>INPATIENT o RESIDENSYAL</b> , tumawag sa JFS Patient Advocacy Program  619-282-1134 o 1-800-479-2233 8:00 AM a.m. hanggang 5:00 p.m.
--	---

**SA SULAT:** Magsagot ng form ng karaingan, o sumulat ng liham at ipadala ito sa:

Para sa mga sebisyo sa <b>OUTPATIENT</b> ,  Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHEA) 1764 San Diego Avenue, Suite 200 San Diego, CA 92110	Para sa mga serbisyo sa <b>INPATIENT o RESIDENSYAL</b> , JFS Patient Advocacy Program 8804 Balboa Avenue San Diego, CA 92123
--	---

**KUNG PERSONAL NA GAGAWIN:** Bumisita sa tanggapan ng inyong provider o sa isa sa mga ahensyang binanggit sa itaas at sabihin na gusto ninyong maghain ng karaingan.

## **TANGGAPAN PARA SA MGA KARAPATANG SIBIL**

Maaari din kayong maghain ng reklamo hinggil sa mga karapatang sibil sa Department of Health and Human Services ng U.S., Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil, sa sulat o electronic na paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa **1-800-368-1019**. Kung may problema kayo sa pagsasalita o pandinig, pakitawagan ang **TTY/TDD 1-800-537-7697**.
- Sa sulat: Magsagot ng form ng reklamo o magpadala ng sulat sa:

**U.S. Department of Health and Human Services  
200 Independence Avenue, SW  
Room 509F, HHH Building  
Washington, D.C. 20201**

Available ang mga form ng reklamo sa  
<http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.

**ELECTRONIC NA PARAAN:** Pumunta sa Portal para sa Reklamo ng Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>.

## **Ipadala kasama ng LAHAT NG ABISO**

BHS sa County ng San Diego (Ang Plano) Rv 03/15/18